BALAGTAS: PANGUNGUNA SA LANDAS NG KAAYUSANG SOSYAL

(Panayam Balagtas '76)

BLAS F. OPLE

Lathala ng

Surian ng Wikang Pambansa



Maynila, 1976

SURIAN NG WIKANG PAMBANSA

PONCIANO B. P. PINEDA
Direktor at Tagapangulo ng Sanggunian

BALAGTAS: PANGUNGUNA SA LANDAS NG KAAYUSANG SOSYAL

(Panayam Balagtas '76)

BLAS F. OPLE

PAGPAPAKILALA

Ang Tagapanayam Balagtas '76, si Kalihim Blas F. Ople ng Kagawaran ng Paggawa, ay nakapag-aral ng Malalayang Sining sa Unibersidad ng Pilipinas, Pamantasang MLQ, at Dalubhasaang Quezon; naging peryodista sa *The Daily Mirror of Manila,* 1950–1953, at Kawaksing Teknikal ng Pangulong Ramon Magsaysay sa Paggawa at Gawaing Pansakahan, 1953–1957; namahala sa sariling kompanya sa ugnayang-madla, 1957–1965; naglingkod bilang Kawaksi ng Pangulo ng Pilipinas at Komisyonado ng Social Security System noong 1966–1967 hanggang sa hinirang siyang Kalihim ng Paggawa; naging Pangulo ng ika–60 pulong ng International Labor Conference sa Geneva; naghahawak ng iba-ibang posisyon sa pamahalaan at kung di pangulo'y kasapi ng maraming samahang sibiko.

BALAGTAS: PANGUNGUNA SA LANDAS NG KAAYUSANG SOSYAL *

Isa sa mga kamalian ng labis na pagmamahal ay ang paglabo ng pananaw. Ito'y higit na mapupuna sa mga magsing-irog at doon sa mga nagpapahayag ng pagsamba at paghanga sa mga itinuturing nating bayani. Ang bawat gawi at kilos ng taong minamahal o iginagalang ay binibigyan natin ng kahulugan na higit pa sa intensyon ng may katawan marahil. Karaniwan ding ipinipikit natin ang ating mga mata sa kanilang mga kasalanan, mumunti man o malaki, na tila ba makababahid sa ating pagpapahalaga. Minamatamis nating dayain ang sariling persepsyon, manatili lamang silang busilak at malinis. Kung kaya nga't itinuturing kong sukat ng tunay na kabayanihan at pagmamahal ang iniuukol nating papuri kay Francisco Baltazar. Nabuhay siyang payak at namatay siyang payak ngunit hindi natin isinaalamat ang kanyang kasaysayan. Ang Balagtas ng ating pagmamahal ay lantay at walang halong pagtatakip. Isa siyang Pilipinong panghabang-panahon sapagkat naunawaan niya ang diwang Pilipino. Nakuha ng kanyang mga tula ang ritmo ng ating mga adhika at pangarap. Hindi siya nakipaglaban at ni hindi natin alam kung ninais man niya ito. Sapat nang siya'y Pilipinong inilaan ang kanyang henyo sa isang sining na kung saan siya'y maihahambing sa lalong kilala sa buong daigdig.

Sa pagdiriwang natin ng ika–188 kaarawan ni Balagtas, muling itatanong kung ano ang katuturan ni Balagtas sa binagong balangkas ng ating pamumuhay. Makabuluhan pa ba ang kanyang mga sinulat sa harap ng hamon at

---

* Panayam na binigkas sa Auditoryum ng Hiyas ng Bulakan, Malolos, Bulakan noong ika-2 ng Abril, 1976 bilang parangal sa ika-188 kaarawan ni Francisco Balagtas, na itinaguyod at pinamahalaan ng Surian ng Wikang Pambansa, Kawanihan ng Pagpapalaganap ng Turismo, Pambansang Aklatan, Pambansang Sur'ang Pangkasaysayan, Pambansang Museo, at Kawanihan ng Turismo at Gawaing Pangkultura ng Lungsod ng Maynila.

suliranin ng ikadalawampung siglo? O siya ba ay bahagi na lamang ng romantisismo ng ating lahi, isang patunay na mayroon tayong kabihasnang katutubo at hindi salin ng mga dayuhan?

Sa aking tingin, si Balagtas ay isang mahusay na salamin para sa ating lahat na nagsisikap magtayo ng isang bagong lipunan. Kung babalikan natin ang kanyang walang kamatayang *Florante at Laura*, doo'y natititik ang mga aral tungo sa higit na epektibong repormang sosyal. Wika niya:

Sapagka't ang mundo'y bayan ng hinagpis
mamamaya'y sukat tibayan ang dibdib
lumaki sa tuwa'y walang pagtitiis,
anong ilalaban sa dahas at sakit?

Tayo'y nagdaraan sa isang panahon ng transisyon. Pagkatapos ng matagal na pagkakagumon sa mga lumang tradisyon at asal, unti-unti nating inaalis ang mga ugaling gumapos sa ating kamalayan bilang isang bansa. Ngunit ang pag-aalis ng gapos na ito ay maaaring maging masakit sapagkat nahirati na tayo sa dating gawi. Hindi nga ba't mas madali ang maghintay na lamang sa biyaya ng pamahalaan kaysa sa magbungkal ng bukid? Hindi nga ba't kalimitan mas madali ang lumabag sa batas kaysa sa sumunod dito? Ngunit ang hinihingi ng Bagong Lipunan ay disiplina at pagpapakasakit, kahit pansamantala lamang sapagkat ang mundo ay bayan ng hinagpis at kung hindi marunong magtiis, ano nga naman ang ilalaban sa dahas at sakit?

Wika rin ni Balagtas:

Kung ang isalubong sa inyong pagdating
Ay masayang mukha't may pakitang giliw
Lalong pag-ingata't kaaway na lihim
Siyang isaisip na kakabakahin.

Sa larangan ng ating mga suliraning panlabas o *foreign affairs* mapupuna ninyo marahil na tayo ngayo'y nagaadhikang makisama hindi lamang doon sa ati'y nagpakitang-giliw kundi maging doon man sa itinuring nating

kaaway ng panahong nagdaan. Binubuwag natin ang mga paniniwalang ipinamulat sa atin na ang mundo'y nahahati sa dalawa. Iisa ang mundo at ang ideolohiya ay isang artipisyal na kurtinang nararapat nang hawiin. Una sa lahat ay ang kagalingan ng bansa at ng kanyang mga mamamayan ngunit ito'y sa ilalim ng pandaigdig na pagkakaisa at pag-uunawaan.

Hindi rin lumampas sa matalas na pangmasid ni Balagtas ang hindi pagkakaunawaan noong mismong magkakababayan na pinag-iba lamang ng nagisnang kultura.

Kung nasusuklam ka sa aking kandungan
Lason sa puso mo ang hindi binyagan
Nakukutya akong di ka saklolohan
Sa iyong nasapit na napakarawal.

Sa Katimugan ay patuloy nating tinatabas ang mga labi ng di pagkakaunawaan. Nababanaag na rin ang minimithing pambansang integrasyon. Tutuong di gaanong hirap at sakit ang naging halaga nito subalit dumating na ang panahon at ang Kristiyano at Muslim, kung iba man ang paniniwala sa relihiyon ay iisang uri lamang: *Pilipino.*

At sino ang maniniwalang hindi ang mga lisyang lingkod-bayan ang nasasaisip ni Balagtas nang sinulat niya ang mga linyang ito:

Ito ay hamak pa bagang sumansa'a
Ng karupukan mo at gawang masama
Kung ano ang taas ng pagkadakila
Siya ring lagapak naman kung marapa.

Sabihin pa, ito'y ilan lamang sa mga halimbawa ng yaman ng diwa ni Balagtas. Ito'y patunay rin na ang kanyang sinulat ay magiging gabay ng mga darating pang salinlahi at mananatiling salamin ng lahing kayumanggi.

Masasabi nating bagama't hindi rebolusyonaryo si Balagtas sa karaniwang kahulugan ng salitang ito, siya naman ay naging bukal ng rebolusyonaryong diwa. Sa maikling salita, siya ang naging inspirasyon, siya ang

nagsilbing huwaran ng iba pang sumunod sa kanya. Ang kapangyarihan ng kanyang panitik ay mitsang nagsusog kay Bonifacio at talang sinundan ni Rizal, ningas na umilaw kay Mabini at sa iba pang mga bayani ng ating bayan. Liwanag din siyang tinatanaw natin ngayon sa Bagong Lipunan sapagkat kinakatawan niya ang mapayapang paghihimagsik na siya nating layon. Naipakita niyang sa pamamagitan ng mapanlikhang pananaw, maaari nating itayo ang isang bayan nang hindi namumundok o nakikipaghamok.

Hindi rin matatawaran ang kontribusyon ni Balagtas tungo sa pagbubuo ng isang wikang Pilipino. Pinatutunayan ng mga mananaliksik na marami sa mga katagang Pilipino na palasak nating naririnig o ginagamit ngayon ay nag-ugat kay Balagtas at sa kanyang *Florante at Laura.* Samakatwid, si Balagtas ay isa ring imbentor, isang tagapag-ugnay o tulay ng panahon at saling Pilipino. Ngayon, higit kailan man, malaki ang utang nating tinatanaw sa Sisne ng Panginay sapagkat ang wikang kanyang binigyang buhay at pinatanyag ay nagsisilbing matibay na tali ng bayan.

Ang lahat ng ito'y bantayog ng kabayanihan ni Balagtas. Ngunit ito'y bantayog na hindi niya hiniling o pinagisipan kaya. Ito ay bantayog na kusa nating itinayo sa kabila ng payak na pamumuhay, ng halos ay walang kulay na pamamalagi ni Balagtas sa ating kasaysayan. Tulad nga ng una ko nang sinabi, ito ang tunay na sukat marahil ng ating pagmamahal at pagpapahalaga kay Balagtas. Siya ay manunulat at makatang tumalaga sa kanyang sining. Liban dito ay hindi na siya naghangad pa ng iba. At ito nga marahil ang ipinagdiriwang natin ngayon: na sa kanyang mga sinulat, mistulang naging tagdan si Balagtas ng kakayahan ng Pilipino, kapantay ng sino man at ano mang maaaring ihandog ng ibang bansa, ibang lahi at ibang panahon.

O